

PROLOGUE

Philippine Military Academy Intramurals, Karate Event, September 2006...

Pakiramdam ni Armand Xenaki ay naubusan ng hangin ang baga niya nang bumagsak siya sa canvass. Nabalian yata siya ng tadyang sa sobrang lakas ng tama ng sipa ng kalaban niya.

Gago talaga itong si Eliseo Praxedes. Siya pa talaga ang pinalalabas na masama at may atraso samantalang ito ang nahuli niyang gumamit ng kodigo sa exam. Malamang kailangan niya itong isumbong dahil kung hindi, siya ang malilintikan.

May Honor Code ang mga kadete: *A cadet does not lie, cheat, steal nor tolerate among us those who do.*

He cannot afford to lose his academic standing nor his officership para sa walang kuwentang ka-batch niya. Of course, the stupid guy is now suffering from being ostracized, at imbis na tumahimik na lang habang iniinda ang hostility ng buong Cadet Corps, o kaya ay mag-dropout kung hindi nito kinakaya, ito pa talaga ang nagda-drama ng 'you and me against the world' na dapat ay deserving sa awa ng ilan.

Sira talaga ang ulo nito. Dapat hindi na nito ginawa iyon in the first place kung hindi naman pala nito kayang tanggapin o panindigan ang consequences. At ngayon, dinadaan siya nito

sa pananakit nang totohanan sa intrams. Ang kapal ng mukha!

Puwes, he's not one to back down pagdating sa ganyan. Sakitan ba ang gusto nito? Bugbugan kung bugbugan. Hindi siya nakilalang 'PMA Pinoy action star' for nothing. Iyon daw tipong duguan na at akala mong hindi na magkanda-gulapay pero kaya pa ring gumanti ng suntok habang tumutula. Hindi ganoong klaseng sakit lang ang magpapagupo kay Armand.

Ipinilig niya ang ulo bago itinukod ang mga kamay para tulungan ang sariling makatayo. He bounced on his toes, taking his time para ayusin ang pagkakasuot ng gi at ang pagkakabuhol ng itim na belt. Nang maka-recover sa sakit, he took his stance at itinuon ang asul na mga mata sa lalaking nasa kabilang dulo ng ring. Habang hinihintay ang hudyat ng referee, hinagod niya ito ng tingin mula ulo hanggang paa at itiniim ang mga bagang. Isang matindi lang. Babagsak ito at hindi na makakatayo, sisiguruhin niya iyon.

"Fight!" narinig niya ang referee.

Unti-unti siyang gumilid palapit dito. Nang medyo ilang hakbang na lang ang layo niya, nginitian niya ito nang ubod ng tuso bago siya nagsimulang kumanta. "*How much is that doggie in the window... Arf! Arf!*"

Ang mga violators ay kinikilala sa PMA bilang dogs.

Nakita niya panandalian ang pagdidilim ng mukha ni Praxedes pero mas nakita niya ang pagsugod nito.

Armand - Edith Joaquin

Mabuti na lang mabilis siyang kumilos at bago nito tamaan muli ang tagiliran niya, pinatama niya ang siko sa likuran nito. Sinundan pa niya iyon ng isang high-flying kick na tumama sa dibdib nito. Dahil fair siya, hihintayin niya sana itong makatayo bago siya muling umatake pero mukhang hindi iyon ang plano nito. Pinatid ng kalaban ang binti niya kaya muli siyang natumba. Mabuti na lang handa siya sa ganoong offense kaya bago pa ito nakakilos para sa susunod na pagkilos nito, he twisted around bringing his legs up in scissor-like fashion sa pagitan ng nakatayong mga binti nito para ma-off balance ang lalaki. Ilang beses itong umikot sa ere bago bumagsak nang padapa sa tabi niya. Isang matinding chop sa likod ng ulo nito and then he heard his nose break.

Kanya na ang match.

Kinabukasan, nabalitaan nilang nag-dropout na ang kadete. Dishonorable dismissal ang tinanggap nito, siyempre. Sa loob lang ng ilang araw, nakalimutan na ng batch nila ang existence nito.

Samantalang si Armand, at the end of the schoolyear, he finished among the top five of his class bilang officer tulad ng nakatatandang kapatid na si Kenneth na miyembro na ng *Presidential Security Group*.

Scout rangers, here I come! mapagbunying sigaw ng puso niya. Time to make his dreams come true.